Ano ang Dummy Account?

Ang Dummy Account ay bank account na binuksan sa iyong pangalan, ngunit hindi mo ito ginagamit. Bagamat, Ito ay pinagamit mo o Ibinenta mo sa ibang tao para magamit at kontrolin nila (kasama na rin dyan ang pagbigay ng ATM at password mo sa kanila). Ang madalas na bumibili o gumagamit ng ganitong account ay mga sindikato ng scam, ginagamit nila ang iyong account para mag lipat ng pera papasok at palabas upang maiwasan ang pagsita ng bangko at ng mga pulisya. Ngunit ang account ay nasa iyong pangalan, IKAW ang hahanapin ng mga Pulis.

Sa palagay mo, ang pagbebenta ng account ay maliit na bagay lang ba?

Ok lang ba ang kumita ng EASY MONEY?

Mag ingat at baka maging KASABWAT ka ng mga SCAMMER

Kung ibinenta mo ang iyong account, ATM at password o kaya nagbukas ka ng account para magamit ng ibang tao, ang account na iyon ay magiging Dummy Account na. Ang mga taong naloko o nalinlang ng scammer ay mag dedeposit ng pera sa iyong account ayon sa kautusan ng scammer, at saka ilalabas o i withdraw ng scammer gamit ng iyong ATM at password. Para mo na rin tinulungan ang scammer na Manloko, Ikaw ay magiging kasabwat na rin sa SCAM.

Matinding Kahihitnan na krimen ang resulta ng pagbebenta ng Account!

1. **Pagiging Kasabwat sa Scam ay maaaring maiharap at may pananagutan sa kaso ng krimen**

   Ikaw ay huhulihin at makukulong ng 1 hanggang 10 taon sa bilanguan. Hindi ka makakauwi ng iyong bansa hanggang hindi mo natatapos ang iyong sintensya. Hindi ka na rin pwede mag trabaho pa sa Taiwan, Paano na ang kabuhayan ng iyong pamilya?

2. **Ang lahat ng iyong account ay matitigil o ma freeze account at mahihirapan ka ng umutang o mag apply ng credit card.**

   Kung pwede ka man mag withdraw ng pera ay limitado kada araw kada amount.

3. **Kapag ikaw ay nahatulan, mag kaka kriminal record ka na, mahihirapan ka ng makabalik pa ng taiwan sa susunod**

4. **Huwag mong akalain na walang magiging problema basta maka labas/exit ka ng Taiwan, Nakatimbre ka na sa mga WANTED LIST ng Taiwan Government**

Nangyaring Kaso: Paghamak sa sarili dahil sa pagbenta ng Account!

Kaso 1:

Pagbenta ng account ng migranteng manggagawa o dayuhang estudyante para sa easy money, pag tapos ng pagbenta ay nahuli ng pulis, hinatulan ng korte ng 2 taon, hindi makakauwi ng bansa at di na rin makapag trabaho.

Kaso 2:

Ibinenta ang account ng migranteng manggagawa bago umuwi ng bansa. At bumalik ulit ng Taiwan, at dahil nasa WANTED list ang kanyang pangalan, sa paglapag sa airport pa lang ay inaresto na.

Paanong maiwasan ang maging Biktima?

1. Huwag ipahiram, ipagamit o ibenta and inyong bank account, ATM, password sa ibang tao, kilala man o hindi. Huwag magbukas ng bank account para sa ibang tao, yung mga taong gustong gumamit ng iyong account at ATM ay siguradong may masamang balak!
2. Kapag may taong (Kilala man o Hindi) na gustong magpabukas ng bank account o mag lipat ng pera sa inyong pangalan. Tangihan mo kaagad, maski magkano pa ang gustong ibigay sa iyo na pera. Huwag mag swapang sa kikitain! Wag mag pa loko!
3. Kapag may napansin kang kakaibang transaction sa pag pasok o paglabas ng pera sa inyong account, Kontakin kaagad ang bangko at ang Pulisya!
4. Protektahan ang Sarili at ang iyong Pamilya, Huwag mag benta ng inyong Bank Account!

Protektahan ang Sarili, Huwag maging KASABWAT!

1. Ilalagay mo lang sa panganib ang sarili sa pagbenta ng bank account at maaaring masira pa ang iyong kinabukasan!
2. Kapag ang iyong bank account ay naging dummy account, ilalagay ka ng bangko sa blacklist nila. Huwag ka ng umasang makapag withdraw, umutang o mag apply ng credit card!
3. Kikita ang mga SCAMMER, Ikaw ang Makukulong, Worth it ba?
4. Dummy Account = Pagtulong sa mga scammer sa pag ikot ng pera = Kulong!
5. Kikita ka lang naman ng ilang libo, Ang scammer ay kumikita ng milyones, Ang kamalasan at hatol ay mapupunta sa iyo!

Ano ang Money Mule?

1. Kapag ikaw ay tumulong sa scammer na mag withdraw ng pera gamit ang ATM ng ibang tao at password o kaya tinulungan ang scammer sa pag kolekta ng pera at inilipat ang pera sa ibang tao. Ikaw ay isang Money Mule na.
2. Kapag tinulungan mo ang mga scammer sa pangngolekta ng nilokong pera, maski ang mga pera na ito ay nailipat o nadeliver mo na sa mga scammer. Ikaw ay parte na rin ng scam at money laundering. Kasama ka na rin sa mga huhulihin ng Pulis.
3. Madaling mahuli ng Pulis ang mga Money Mule. Kaya gusto ng scammer na ikaw ang maging Money Mule nila. Ang makakakuha ng pera ay ang mga scammer pero ikaw ang huhulihin ng pulis, at dapat mo pang ibalik yung pera dun sa naloko.

Sa akalain mo, Ok lang ba maging Money Mule?

Walang krimen sa pangongolekta ng pera?

Mag ingat sa huli ang matinding kabayaran!

1. Ang pagiging money mule ay hindi isang maliit na bagay lamang, subalit ay isang matinding krimen. Maaaring mahatulan ng 1 hanggang 7 taon sa bilanguan at kailangan mo pang bayaran ang nawalang halaga.
2. Kapag ikaw ay na demanda ng naloko, maaaring kunin ng korte and iyong kayaman, ari arian para ibayad sa naloko.
3. Maski ito pa ay naibili mo na ng bahay, kotse o nailipat na sa ibang tao, may karapatan ang korte na habulin ito pabalik, wala kang takas!

Nangyaring Kaso: Naging Money mule, Nawala ang lahat!

Kaso 1

Dayuhang estudyante na tumulong sa scammer na mag withraw sa ATM, kaso nahuli ng pulis, hindi lang sya na expelled sa paaralan, kailangan pa nyang bayaran ang na withdraw nyang pera.

Kaso 2

Nabalitaan ng migranteng manggagawa na maaaring kumita ng easy money. Kaya tinulungan nyang mangngolekta ng pera ang scammer (ang pinagkolektahan nya ay ang mismong naloko) kaso nahuli ng pulis, hindi lang nakulong, hindi rin pwedeng umuwi ng bansa nya; at hindi na rin maaaring mag trabaho, nailubog nya tuloy ang pamilya sa hirap.

Kaso 3

Mga dayuhang turista na nakakita sa kanilang bansa ng pag anunsyo na nag hahanap ng panandaliang manggagawa sa taiwan at makakakuha ng malaking sahod, madaling trabaho at may libreng air ticket. Sino ba ang makakaalam na patibong pala ito ng mga scammer. Kinuha ang kanilang cellphone at passport, para di nila makontact ang pamilya o kaibigan. Ang kanilang trabaho ay mangngolekta ng pera para sa mga scammer. Pagkatapos nilang makuha ang requirement na quota ng scammer sa trabaho nila, ibabalik na ang kanilang passport at sila ay makakauwi na. Ngunit kapag sila ay nahuli ng Pulis ay di sila makakauwi ng kanilang bansa, at di rin sila makakapag trabaho at kumita ng pera, at haharap pa sila sa legal na paglilitis at perang pangbayad sa mga na scam na tao.